Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-27 NG HULYO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | Kasangguni<br>Pansamantalang Nangulo sa Hapag |
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |

---

## KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 56-2020

ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY NG OPISYAL NA PANGALAN O' PAGKAKAKILANLAN SA BAGONG PARKE NA MATATAGPUAN SA HARAPANG BAHAGI NG BAGONG BAHAY PAMAHALAAN NG LUNGSOD NG MALOLOS SA 10 EKTARYANG LUPAIN NITO BILANG "REPUBLIKA PARK" AT PAGTATALAGA SA IKA-10 NG ABRIL, KADA-TAON BILANG 'GAT. ISIDORO TORRES DAY' SA LUNGSOD.

PANGUNAHING MAY-AKDA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, FRANCISCO J. CASTRO, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

### TALA NG PALIWANAG

SAPAGKAT, napagkalooban ang Lungsod ng Malolos ng proyekto sa ilalim ng Green, Green, Green Program ng Pamahalaang Nasyunal sa pamamagitan ng Department of Finance (DOF), Department of Environment and Natural Resources (DENR) at ng Department of Public Works and Highways (DPWH) para sa pagpapapagawa ng isang parke o Peoples' Park upang maging sentro at modelo ng pangangalaga sa kalikasan;

SAPAGKAT, ang nasabing parke na may kabuuang sukat na humigit kumulang 3,691 metro kuwadrado ay isa sa magiging mukha ng Dakilang Lungsod at salamin na mag -uugnay sa kasalukuyan, sa kasaysayan at sa dako ng hinaharap;

SAPAGKAT, ang sentro ng parkeng ito ay ang bantayog ni Hen. Isidoro Dayao-Torres, isang tunay na dugong bayaning Malolenyo na nag-alay ng kanyang buhay para sa kalayaan ng bansa mula sa kamay ng mga dayuhang mananakop;

SAPAGKAT, si Hen. Isidoro Dayao-Torres ay nagmula at isinilang sa Barangay Matimbo, Lungsod ng Malolos, Bulacan at sa kanyang murang edad ay naging isang Heneral at Gobernador ng Lalawigan ng Bulacan;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

SAPAGKAT, kinikilala ang Dakilang Lungsod ng Malolos bilang Duyan ng Unang Republika ng Pilipinas na kauna-unahan sa Asya at sa gawing Aprika na nagluwal ng isang malayang bansa na ipinaiiral at pinatatakbo ng isang pamahalaang nasa kamay ng lahing Pilipino;

SAPAGKAT, sa makasaysayang simbahan ng Barasoain isinagawa at binuo ang kauna-unahang Kongreso ng Pilipinas na siyang umukit ng nasabing Konstitusyon ng Malolos;

SAPAGKAT, pangunahing layunin ng Pamahalaang Panlungsod ang pangangalaga sa mga bakas ng kasaysayan upang ang mga ito ay patuloy na masaksihan at masilayan ng mga susunod na henerasyon;

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

Sa kahilingan ni Kgg. Michael M. Aquino, na sinang-ayunan ng lahat na:

SEKSYON 1. - PAGTATALAGA - Opisyal na kikilalanin at mababantog ang bagong parke na matatagpuan sa harapang bahagi ng bagong gusali ng Pamahalaang Panlungsod na bahagi ng 10 ektaryang lupain bilang "Republika Park" at pagtatalaga sa ika-10 ng Abril, kada-taon bilang 'Gat. Isidoro Torres Day' sa Lungsod.

SEKSYON 2. - BANTAYOG - Itinatagubilin ng kautusang ito ang pagpapagawa ng monumento o' istatwa ni Hen. Isidoro Dayao-Torres sa sentro ng Republika Park bilang pagkilala sa naging ambag ni Hen. Torres sa kasaysayan at sa pagkamit ng kalayaan ng bansa.

Minamandato ang paglalagay ng markang pananda na nakasulat ang talambuhay at kabayanihan ni Hen. Isidoro Dayao-Torres gayundin ang paglalagay ng sapat na ilaw lalo't tuwing gabi.

SEKSYON 3. - Inaatasan din ang pagsasagawa ng selebrasyon at seremonya sa harapan ng bantayog ni Hen. Isidoro Dayao-Torres sa nasabing Republika Park tuwing ika-10 ng Abril ng bawat taon bilang Hen. Isidoro Dayao-Torres Day sa lungsod.

Inaatasan ang tanggapan ng Tagapangasiwang Panlungsod at ng City Tourism, Arts, Culture and Sports Division na pangunahan ang pagdiriwang na ito gayundin ang sabayang selebrasyon sa bantayog ni Hen. Torres sa Plaza (Poblacion) at sa bantayog nito sa Barangay Matimbo, Lungsod ng Malolos.

SEKSYON 4. - PAGLALAN NG PONDO - Inaastasan ang Local Finance Committee na maglaan ng hindi bababa sa Php700,000.00 para sa pagpapagawa ng bantayog ni Hen. Isidoro Dayao-Torres, at Php200,000.00 para sa pagdiriwang ng Hen. Torres Day kada taon at sapat na pondo para sa pagsasakatuparan ng Kautusang Panlungsod na ito.

SEKSYON 5. - SUGNAY NG PAGHIHIWALAY - Ang anumang bahagi o probisyon ng Kautusang Panlungsod na ito na maipahayag na labag sa Saligang Batas o' anumang bahagi o' probisyon na hindi maapektuhan ay mananatili at patuloy na iiral na may bisa ng batas.

SEKSYON 6. - KABISAAN - Ang Kautusang Panlungsod na ito ay magkakabisa matapos pagtibayin.

PINAGTIBAY.

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS M. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

**KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD

*KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

*KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI - Tagapangulo

PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:

______________________
Petsa ng Pagtitibay:

INH. GILBERT T. GATCHALIAN
Punong Lungsod

*hindi nakadalo
**wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod
DhorieTrogo(SDC2)*07272020